Pansamantalang PACAOS-Apendiks-F: Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

Provisional PACAOS-Anexo-F: Marco de investigación y resolución para el Estudiante sobre Violencia Sexual y Acoso Sexual por una Conducta Cubierta por el DOE

臨時 PACAOS-附錄-F: 針對教育部規定 行為的性暴力和性騷擾學生調查和裁決框 架

Interim PACAOS-Appendix-F: Sexual Violence and Sexual Harassment
Student Investigation and Adjudication Framework for DOE-Covered
Conduct

Opisyal na May Pananagutan :	VP - Ugnayan ng Estudyante	
Opisyai iia may i ananagutan .	VI - Ognayan ng Estadyante	
Opisina na may Pananagutan :	SA - Ugnayan ng Estudyante	
Petsa Ng Pag-isyu :	12/17/2021	
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa:	1/1/2022	
Petsa ng Huling Pagrepaso:	12/8/2021	
Sakop :	Alinsunod sa PACAOS 12.00, ang mga patakarang ito at ang mga regulasyon ng campus na nagpapatupad ng mga iyon ay nalalapat sa lahat ng campus at pag-aari ng Universidad at sa mga tungkuling ipinatupad ng Unibersidad, maliban kung ipinag-utos ng Presidente dahil sa mga espesyal na kalagayan.	

Kung mayroon mang pagkaka-iba ang bersyong Ingles at Tagalog, ang bersyong Ingles ang mananaig

Contact: Eric Heng

Title: Direktor, Mga Patakaran & Pamamahala ng

Estudyante

Email: Eric.Heng@ucop.edu
Phone: (510) 987-0239

Pansamantalang PACAOS-Apendiks-F: Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

TALAAN NG MGA NILALAMAN

I.	BUOD NG POLISIYA	2
	MGA KAHULUGAN	
	TEKSTONG POLISIYA	
IV.	PAGSUNOD/MGA PANANAGUTAN	28
٧.	MGA HAKBANG	28
VI.	KAUGNAY NA IMPORMASYON	29
VII.	MGA MADALAS ITINATANONG	29
VIII.	KASAYSAYAN NG PAGREBISA	29
IX.	APENDIKS	30

I. BUOD NG POLISIYA

Alinsunod sa Sexual Violence and Sexual Harassment (Polisiyang SVSH) ng-Unibersidad (tingnan ang Seksyon V.A.5. ("Pangkalahatang-Ideya ng mga Pamamaraan ng Paglutas") at V.A.6. ("Ang Ulat ng Imbestigasyon at Resulta")), ang sumusunod ay naglalarawan sa mga pamamaraan ng Unibersidad sa paglutas ng Mga Pormal na Reklamo sa DOE ng Asal na Saklaw ng DOE, tulad ng tinukoy sa Polisiyang SVSH kung saan ang mga partidong tumutugon ay mga estudyante, kabilang ang pagpaparusa sa mga estudyante na napag-alamang responsable para sa Asal na Saklaw ng DOE na lumabag sa Polisiyang SVSH. Inilalarawan ng Apendiks E ang mga pamamaraan ng Unibersidad para sa paglutas ng mga ulat ng ibang asal na ipinagbabawal ng Polisiyang SVSH, kung saan ang tumutugong mga partido ay mga estudyante.

Gagamitin din ng mga campus ang mga pamamaraang ito upang lutasin ang mga ulat ng ibang mga paglabag sa mga polisiya ng Unibersidad na nalalapat sa mga estudyante (na dito ay, "mga polisiya ng asal ng estudyante") na nagaganap may kaugnayan sa pinaghihinalaang Asal na Saklaw ng DOE na lumalabag sa *Polisiyang SVSH*. (Tingnan ang Apendiks IV).

II. MGA KAHULUGAN

Ang naaangkop na mga kahulugan para sa *Polisiyang SVSH* ay maaaring makita sa *https://policy.ucop.edu/doc/4000385/SVSH*.

Ang naaangkop na mga kahulugan para sa <u>Policies Applying to Campus Activities</u>. <u>Organizations</u>, <u>and Students (PACAOS)</u>, at ang campus na nagpapatulad ng mga regulasyong hinango alinsunod sa mga iyon, ay ibinibigay sa Seksyon 14.00.

III. TEKSTONG POLISIYA

I. PAUNANG SALITA

Ang Unibersidad ng California ay nakatuon sa paglikha at pagpapanatili ng komunidad kung saan ang lahat ng indibidwal na lumalahok sa mga programa at aktibidad ng

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

Unibersidad ay maaaring magtrabaho at matuto nang sama-sama sa isang kapaligiran na walang Seksuwal na Karahasan, Seksuwal na Panliligalig, at ibang asal na lumalabag sa ilalim ng *Polisiyang SVSH* (na pinagsama-samang, "Asal na Labag sa Batas"). Alinsunod sa mga legal na pananagutang ito, kabilang ang mga nasa ilalim ng Title IX ng mga Pagbabago sa Edukasyon ng 1972, ang Batas sa Muling Pagbibigay ng Pahintulot sa Paglabag Laban sa mga Kababaihan ng 2013, at Kodigo ng Edukasyon ng California seksyon 67386, ang Unibersidad ay agad tumugon at epektibong nag-ulat ng mga Labag sa Batas na Asal sa ilalim ng *Polisiyang SVSH*, at nagsagawa ng angkop na aksyon upang itigil, pigilan, lutasin, at kung kinakailangan, ay disiplinahin ang pag-uugaling lumalabag sa *Polisiyang SVSH*. Ang pandisiplinang mga pamamaraan ng estudyante ng Unibersidad ay nagbibigay-diin sa edukasyon, personal na paglago, pananagutan, at wastong asal – na naninindigan sa mga pamantayan ng responsableng asal upang protektahan ang kapakanan ng komunidad ng Unibersidad. Ang mga pamamaraan ay dinisenyo upang magbigay ng agaran, patas, at walang kinikilingang paglutas ng problema.

Ang sumusunod ay naglalarawan sa imbestigasyon at hatol ng Unibersidad (na samasamang, "resolusyon") na mga pamamaraan sa paglutas ng Mga Pormal na Reklamo ng Asal na Saklaw ng DOE sa ilalim ng *Polisiyang SVSH* o nauugnay na mga paglabag sa polisiya ng asal ng estudyante kung saan ang mga panig na tumutugon ("Mga Respondente" katulad ng tinukoy sa *Polisiyang SVSH*) ay mga estudyante, kabilang ang pagpaparusa ng mga estudyante kung saan ang naturang polisiya ng paglabag ay tinukoy na naganap. Ang mga pamamaraang ito ay nalalapat din sa mga aplikanteng naging mga estudyante, para sa mga paglabag na isinagawa sa campus at/o habang nakikilahok sa mga event kaganapan o aktibidad na nauugnay sa Unibersidad na naganap kasunod ng pagsusumite ng estudyante ng aplikasyon sa pamamagitan ng kanilang opisyal na pagpapatala.

II. MGA DULUGAN MAY KAUGNAYAN SA SEKSUWAL NA PAGLABAG AT SEKSUWAL NA PANLILIGALIG (UNANG YUGTO)

Ang Unibersidad ay may opisina ng Title IX sa bawat campus na may pananagutan sa pagtanggap at pagtugon sa mga ulat ng Labag sa Batas na Asal sa ilalim ng *Polisiyang SVSH*. Ang Kumpidensiyal na mga Dulugan, na tinukoy ng *Polisiyang SVSH*, ay makukuha rin sa bawat campus bago at pagkatapos makipag-usap ng isang tao sa Title IX na opisina tungkol sa potensiyal na mga paglabag sa *Polisiyang SVSH*. Ang Kumpidensiyal na mga Dulugan ay magagamit din sa isang tao na piniling hindi makipag-usap sa opisina ng Title IX. Ang Kumpidensiyal na mga Dulugan na ito ay hindi kailangang magreport ng Labag sa Batas na Asal sa opisina ng Title IX.

III. PAG-UULAT AT TUGON SA LABAG SA BATAS NA ASAL (UNANG YUGTO)

- **A.** Naaayon sa *Polisiyang SVSH*, maaaring ituring ng Unibersidad ng sinumang tao na inulat na nakaranas ng Labag sa Batas na Asal bilang "Nagrereklamo," magulat man sila o hindi o lumahok sa proseso ng paglutas.
- **B.** Sisikapin ng Unibersidad na igalang ang binanggit na kahilingan ng Nagrereklamo may kinalaman sa pagpapatuloy o hindi ng imbestigasyon. Alinsunod sa *Polisiyang SVSH*, kapag hiniling ng Nagrereklamo na hindi magsagawa ng imbestigasyon, Tutukuyin ng Opisyal ng Title IX kung ang mga paratang, gayon pa man, ang

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

imbestigasyon ay kinakailangan upang maiwasan ang potensyal na panganib sa komunidad ng campus. Tingnan ang Polisiyang SVSH Seksyon V.A.5.b. Kapag nagsimula ang Opisina ng Title IX sa imbestigasyon sa kabila ng kahilingan ng Nagrereklamo, magbibigay ito sa Nagrereklamo ng lahat ng impormasyong kinakailangan sa pamamagitan nito at *Polisiya ng SVSH* maliban kung binanggit ng Nagrereklamo sa pamamagitan ng sulat na ayaw nilang nito.

- C. Mga Serbisyong Pansuporta na Ibinibigay ng Unibersidad. Sa buong proseso ng resolusyong ito, ang Unibersidad ay mag-aalok ng mga suportang serbisyo para sa mga Nagrereklamo (sa pamamagitan ng Tagapagtaguyod ng CARE) at Mga Respondente (sa pamamagitan ng Coordinator ng Mga Serbisyo ng Respondente).
- D. Sumusuportang mga Hakbang. Isaalang-alang ng Unibersidad at ipatutupad ang Sumusuportang mga Hakbang, kabilang ang Pansamantalang mga Hakbang, sa buong proseso katulad ng naaangkop upang protektahan ang kaligtasan ng Nagrereklamo, ang Respondente, o ang komunidad ng Unibersidad; maibalik o mapanatili ang akses ng Partido sa programa o aktibidad sa Unibersidad; o upang pigilan ang Ipinagbabawal na Asal. Tingnan ang Polisisyang SVSH II.C.3 at Apendiks III. Titiyakin ng opisyal ng Title IX na ang Sumusuportang mga Hakbang ay hindi nagdidisiplina at hindi nagpaparusa, at ito ay hindi makatuwirang pasanin sa Partido.
- E. Pansamantalang Suspensyon. Maaaring ilagay ng Unibersidad ang Respondente sa Pansamantalang Suspensyon alinsunod sa Mga Patakarang Naaangkop sa mga Aktibidad, Organisasyon, at Estudyante ng Campus (PACAOS, Policies Applying to Campus Activities, Organizations, and Students) 105.08 ng Polisiya sa Asal at Disiplina ng Estudyante, maliban sa ikalawa nitong pangungusap, na naglalarawan ng mga pamantayan sa pagtukoy kung ang pansamantalang suspensyon ay naaangkop. Para sa mga kasong kinasasangkutan ng Asal na Saklaw ng DOE, ang pamantayang ito ay sa halip naaangkop: Ang estudyante ay pinipigilan lamang sa pinakamababang saklaw na kinakailangan kapag, batay sa sariling kaligtasan at pagsusuri ng panganib, mayroong makatuwirang dahilan na paniwalaan na ang paglahok ng Respondente sa mga aktibidad ng Unibersidad o presensya sa tiyak na mga lugar ng campus ay maghahantong sa pisikal na pang-aabuso, banta ng karahasan, o asal na nagbabanta sa pisikal na kalusugan o kaligtasan ng sinumang tao na nasa pagaari ng Unibersidad o sa mga opisyal na pagtitipon sa Unibersidad.
- **F. Mga Tagapayo at Taong Sumusuporta.** Sa lahat ng yugto ng prosesong ito, ang Nagrereklamo at Respondente (na kilala rin bilang mga partido) ay may karapatan sa napili nilang tagapayo, pati na rin sa napili nilang taong sumusuporta. Ang tagapayo at/o taong sumusuporta ay maaaring sinumang tao (kabilang ang tagapagtanggol, abugado, kaibigan, o magulang) na hindi partido o isang testigo.
 - 1. Ang pangunahing tungkulin ng tagapayo ay maglaan ng gabay sa buong proseso, at, sa panahon ng pagdinig, ang tagapayo ay kinakailangang itanong sa ibang partido at mga saksi ang mga katanungan ng partido alinsunod sa Seksyon VII.E.5 sa ibaba. Ang tanging pagkakataon kung saan

- maaaring magsalita ang tagapayo sa ngalan ng Partido ay upang tanungin ang ibang partido o mga saksi ng mga katanungan ng Partido sa panahon ng pagdinig.
- 2. Kung ang partido ay walang tagapayo na makukuha sa anumang punto sa panahon ng pagdinig, magtatalaga ang Unibersidad ng tao, nang walang gastos sa partido, upang gampanan ang papel ng pagtatanong ng mga katanungan ng partido para sa kanila. Tingnan ang Seksyon VII.D.9.
- 3. Ang pangunahing tungkulin ng taong sumusuporta ay maglaan ng emosyonal na suporta. Sa pangkalahatan, ang taong sumusuporta ay hindi pwedeng magsalita sa ngalan ng isang partido.
- 4. Ang mga tagapayo at taong sumusuporta ay hindi maaaring gambalain ang anumang mga pagpupulong o paglilitis sa anumang paraan. Sa lahat ng yugto ng proseso, ang mga tagapayo at taong sumusuporta ay dapat sumunod sa mga panuntunan ng asal ng Unibersidad para sa mga kalahok sa prosesong ito ("panuntunan ng asal"). Karapatan ng Unibersidad na hindi isama ang tagapayo at/o taong sumusuporta na hindi sumusunod sa lahat ng mga patakarang ito.
- G. Paglahok ng Partido. Walang sinuman sa Nagrereklamo o Respondente ang kailangang lumahok sa proseso ng paglutas na binalangkas sa mga patakarang ito. Ang Unibersidad ay hindi magpapakita ng anumang masamang pagkaunawa mula sa pasya ng Nagrereklamo o Respondente na hindi lumahok o manatiling tahimik sa oras ng proseso. Gagawin ng tagapagsiyasat o opisyal ng pagdinig, sa imbestigasyon at pagdinig ayon sa pagkakabanggit, ang mga pasya at konklusyon batay sa impormasyong magagamit. Gayunman, dapat tandaan ng mga partido na, ayon sa itinalakay sa ibaba, sa yugto ng pagdinig, sa anumang pinagtalunan at mahalagang isyu, ang opisyal ng pagdinig ay hindi maaaring umasa sa anumang pahayag ng partido tungkol sa kung saan tumangging sagutin ng partido ang mga katanungan sa pagdinig.
- H. Pinipiling Paglahok. Kapag pinili ng partido na lumahok sa proseso tulad ng pagpili ng sagutin ang ilan ngunit hindi ang lahat ng tanong na iminungkahi, o piniling magbigay ng pahayag pagkatapos lamang na repasuhin ang ibang ebidensyang nakalap sa imbestigasyon maaaring isaalang-alang ng tagapagsiyasat o opisyal ng pagdinig ang pagpiling pakikilahok sa pagsusuri sa kredibilidad ng partido (at, tulad ng nabanggit sa Seksyon III.G, ang opisyal ng pagdinig ay hindi maaaring umasa sa mga pahayag tungkol sa kung tumangging sagutin ng partido ang mga katanungan sa pagdinig). Kapag ginawa iyon, dapat nilang subukang kilalanin ang katanggap-tanggap na hindi salungat na mga paliwanag para sa pagpiling pakikilahok, kabilang ang sariling mga paliwanag ng mga partido, at pagtukoy kung ang impormasyong magagamit ay sumusuporta sa mga paliwanag na iyon.
- I. Walang Kinikilingang Papel ng Unibersidad. Sa lahat ng kaso, kabilang ang pagpili ng Nagrereklamo na hindi lumahok o walang Nagrereklamo katulad ng ibinigay para sa *Polisiya ng SVSH* (II.C.1.) at sa polisiyang ito (III.A.), ang tungkulin ng Unibersidad ay walang pinapanigan, at magsasagawa ito ng paghahanap ng

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

- katotohanan at pagpaparusa nang hindi kinukuha ang posisyon ng alinman sa partido.
- J. Pangkat ng Pamamahala ng Kaso. Susubaybayan ng Case Management Team (CMT) ng campus ang lahat ng yugto ng proseso ng paglutas sa ilalim ng mga patakarang ito.
- K. Pagsasanay. Lahat ng mga opisyal ng Unibersidad na sangkot sa proseso ng resolusyong ito ay sasanayin upang gampanan ang kanilang mga tungkulin sa paraang walang kinikilingan na may mga kasanayan sa pagsasaalang-alang sa trauma o trauma-informed practices.
- L. Pamantayan ng Patunay. Ang pamantayan ng patunay para sa paghahanap ng katotohanan at pagtukoy kung ang naganap na (mga) paglabag sa polisiya ay Paghahanda ng Katibayan, katulad ng tinukoy sa *Polisiya ng SVSH*. Hindi malalaman na ang Respondente ay responsable sa paglabag sa *Polisiya ng SVSH* at/o ibang mga polisiya sa asal ng estudyante maliban kung ang ebidensyang napatunayan ay mas posibleng hindi sila lumabag sa *Polisiyang SVSH* at/o iba pang mga polisiya sa asal ng estudyante.
- M. Pagpapalawig ng mga Deadline. Maaaring pahabain ng Opisyal ng Title IX ang alinmang deadline na nakapaloob dito alinsunod sa *Polisiya* katulad ng naaangkop, at para sa mabuting dahilan na ipinakita at dinokumento. Ang Nagrereklamo at Respondente ay aabisuhan tungkol sa anumang pagpapahaba, mga dahilan nito, at ipinakikitang mga bagong timeline sa pamamagitan ng sulat.
- N. Mga Kaluwagan Kaugnay sa Kapansanan. Isasaalang-alang ng Opisina ng Title IX ang kahilingan mula sa mga partido at testigo para sa kapansanang nauugnay sa mga akomodasyon.
- O. Mga Kahilingan para sa Pagsasalin ng Wika. Isasaalang-alang ng Opisina ng Title IX ang kahilingan mula sa mga partido at testigo para sa interpretasyon ng wika.
- P. Pagpapawalang-Saysay ng mga Paratang sa Asal na Saklaw ng DOE. Kung sa anumang panahon sa imbestigasyon, natukoy ng Opisyal ng Title IX na ang pinaghihinalaang asal ay hindi naganap sa programa o aktibidad ng Unibersidad o ang Nagrereklamo ay wala sa Estados Unidos sa panahon ng pinaghihinalaang asal, ang Opisyal ng Title IX ay dapat ipawalang-saysay ang mga paratang sa Asal na Saklaw ng DOE tungkol sa nasabing asal mula sa Proseso ng Pagdaing ng DOE at magpatuloy ayon sa itinakda sa *Polisiyang SVSH* Apendiks IV.

IV. IMBESTIGASYON NG PORMAL NA REKLAMO NG ASAL NA SAKLAW NG DOE (IKALAWANG YUGTO)

A. Pagsisimula ng Proseso ng Pagdaing sa DOE. Sa oras na matanggap ang impormasyon tungkol sa pinaghinalaang Labag sa Batas na Asal, tutukuyin ng Opisyal ng Title IX, alinsunod sa *Polisiya ng SVSH ng Unibersidad*, kung sisimulan ang Proseso ng Pagdaing sa DOE (tingnan ang *Polisiyang SVSH*, Mga Seksyong V.A.4 at 5 para sa kahaliling mga daan na maaaring sa halip ay tukuyin na naaangkop ng Opisyal ng Title IX). Kapag magbubukas ang Unibersidad ng imbestigasyon ng mga alegasyon ng Asal na Saklaw ng DOE at ibang Labag sa

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

Batas na Asal na lumalabas sa parehong mga katotohanan o pangyayari, tutugunan nito ang lahat ng mga alegasyon nang magkasabay sa pamamagitan ng mga pamamaraan sa Proseso ng Pagdaing sa DOE.

- **B.** Abiso ng Mga Paratang. Kapag isasagawa ang Proseso ng Pagdaing sa DOE, ang Opisyal ng Title IX ay magpapadala ng nasusulat na abiso ng mga paratang sa Nagrereklamo at Respondente pagkatapos kumonsulta sa Student Conduct. Ang nakasulat na abiso ay ipapadala nang hindi baba sa tatlong araw ng negosyo bago ang hiniling na araw ng pakikipanayam ng partido, upang bigyan ng sapat na panahon para paghandaan ng partido ang pakikipanayam. Kasama sa abiso ang:
 - 1. Buod ng inulat na asal na maaaring lumabag sa *Polisiya ng SVSH* at, kung naaangkop ang polisiya ng asal ng ibang estudyante;
 - 2. pagkakakilanlan ng mga partidong sangkot;
 - 3. petsa, oras, at lokasyon ng inulat na (mga) insidente (hangga't nalalaman);
 - 4. Tiyak na mga probisyon ng *Polisiya ng SVSH, kabilang ang Asal na Saklaw ng DOE at anumang iba pang Labag sa Batas na Asal,* at/o anumang iba pang polisiya ng asal ng estudyante na maaaring nalabag;
 - 5. pahayag na ang bawat partido ay maaaring magkaroon ng napili nilang tagapayo at sumusuportang tao sa buong proseso, tulad ng inilarawan sa Seksyon III.F sa itaas.
 - 6. pahayag na ang ulat ng pagsisiyasat kung ibinigay, ay makagagawa ng makatotohanang resulta at paunang pagtukoy kung nagkaroon ng paglabag sa *Polisiya ng SVSH* at/o iba pang polisiya sa asal ng estudyante;
 - pahayag na ang bawat partido ay magkakaroon ng pagkakataon sa panahon ng imbestigasyon na magtanong sa tagapagsiyasat upang humiling ng ibang partido o mga testigo;
 - 8. pahayag na isang paglabag sa polisiya ng Unibersidad ang magbigay ng maling impormasyon sa Unibersidad, ngunit ang paunang pagpapasya na imbestigasyon o ang pagtutukoy ng opisyal sa pagdinig tungkol sa responsibilidad na hindi alinsunod sa impormasyon na ibinigay ng partido ay hindi, sa at ng sarili nito, nagpapahiwatig na ang impormasyon ay mali;
 - pahayag na ang mga partido ay parehong magkakaroon ng pagkakataon, bago matapos ang imbestigasyon, na repasuhin ang lahat ng ebidensyang isinumite na direktang kaugnay sa kung naganap ang paglabag sa polisiya;
 - 10. pahayag na ang mga makatotohanang resulta at paunang pagtukoy ay ibabatay sa pamantayan ng Paghahanda ng Ebidensya;
 - 11. pahayag na ang pagtukoy ng kung ang paglabag sa polisiya ay naganap ay gagawin lamang matapos makumpleto at sa gayon ay, sa simula, walang pagpapalagay na ang Respondente ay responsable para sa paglabag sa polisiya;
 - 12. kung naaangkop, pahayag na kung unang natukoy na ang paglabag na Asal na Saklaw ng DOE ay hindi naganap, ang tagapagsiyasat ay gagawa pa rin ng

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

unang pagtukoy sa ulat ng imbestigasyon kung ang ibang mga paglabag sa *Polisiyang SVSH* ay naganap;

- 13. buod ng proseso ng resolusyon, kabilang ang posibleng pagdinig, at inaasahang timeline;
- 14. babala laban sa Paghihiganti; at
- 15. buod ng karapatan at dulugang magagamit para sa Nagrereklamo at Respondente.

Sa anumang punto sa panahon ng imbestigasyon, maaaring amyendahan ng Opisyal ng Title IX ang abiso upang magdagdag ng karagdagang mga paratang na tinukoy sa oras ng imbestigasyon. Anumang abiso ng amyenda ay dapat isama sa lahat ng impormasyong tinukoy sa itaas.

- C. Proseso ng Imbestigasyon. Pangangasiwaan ng Opisyal ng Title IX ang imbestigasyon at magtatalaga ng tagapagsiyasat upang magsagawa ng patas, lubusan, at walang kinikilingang imbestigasyon. Ang pasanin ng pagtipon ng ebidensyang sapat upang umabot sa paunang pagpapasya tungkol sa kung naganap ang (mga) paglabag sa *Polisiyang SVSH* ay nakasalalay sa tagapagsiyasat. Karaniwang nakukumpleto ng Opisina ng Title IX ang imbestigasyon nito sa loob ng 60 hanggang 90 araw mula sa petsa ng abiso ng mga paratang ng walang palugit para sa mabuting dahilan.
 - 1. Sa panahon ng imbestigasyon, ang Nagrereklamo at Respondente ay bibigyan ng pantay na oportunidad upang makilala ang tagapagsiyasat, magsumite ng ebidensya, tukuyin ang mga testigo na maaaring may kaugnay na impormasyon,at magpanukala ng tanong upang humiling ang tagapagsiyasat ng ibang partido o testigo. Ang tagapagsiyasat ay may pagpapasya upang tukuyin kung alin sa mga testigo ang kakapanayamin batay sa kaugnayan ng ebidensya na diumano'y inaalok nila, at upang tukuyin kung ano ang mga itatanong, at maaaring tanggihan ang pagtatanong kapag, halimbawa ay, paulit-ulit, nakaliligalig o hindi nauugnay sa iniulat na (mga) naganap na paglabag.
 - 2. Kakausapin ng tagapagsiyasat ang Nagrereklamo, Respondente, at mga testigo nang magkakahiwalay, at mangangalap ng iba pang magagamit at nauugnay na ebidensya. Maaaring mag-follow up ang tagapagsiyasat sa Nagrereklamo, sa Respondente at sa mga testigo kung kinakailangan upang linawan ang anumang mga pagkakatugma o ebidensyang nakalap sa panahon ng imbestigasyon.
 - 3. Pangkalahatang isasaalang-alang ng tagapagsiyasat ang, iyon ay aasa sa, lahat ng ebidensya na natukoy nilang nauugnay at maaasahan, kabilang ang ebidensya na tumitimbang sa pabor ng at laban sa pagtutukoy na ang paglabag sa polisiya ay naganap. Maaaring tukuyin ng tagapagsiyasat ang kaugnayan at timbangin ang halaga ng sinumang testigo o ibang ebidensya sa mga resulta at maaaring hindi isama ang ebidensya na hindi nauugnay o walang halaga.

- a. Pangkalahatang isasaalang-alang ng tagapagsiyasat ang direktang obserbasyon at makatarungang konklusyon mula sa mga katotohanan.
- b. Karaniwang hindi isinasaalang-alang ng tagapagsiyasat ang mga pahayag ng personal na opinyon katulad ng pangkalahatang reputasyon ng sinuman o anumang katangian ng pag-uugali.
- c. Maaaring isaalang-alang ng tagapagsiyasat ang nauna o kasunod na asal ng Respondente sa pagtukoy ng batayan, kaalaman, intensyon, motibo, o kawalan ng pagkakamali. Halimbawa, ebidensya ng batayan ng Labag sa Batas na Asal o ibang asal na ipinagbawal ng batas ng mga polisiya sa asal ng estudyante ng Respondente, bago o pagkatapos maganap ang insidenteng pinag-uusapan, may pauna mang resulta o wala ng *Polisiyang SVSH* o iba pang paglabag sa polisiya, na maaaring ituring na nauugnay sa pagtukoy ng pananagutan para sa Labag sa Batas na Asal o kaugnay na paglabag sa polisiya ng asal ng estudyante sa ilalim ng imbestigasyon.
- d. **Seksuwal na Kasaysayan.** Hindi isasaalang-alang ng tagapagsiyasat ang seksuwal na kasaysayan ng Nagrereklamo o Respondente bilang pangkalahatang tuntunin. Gayunman, sa mga limitadong kalagayan, ang seksuwal na kasaysayan ay maaaring direktang nauugnay sa imbestigasyon.
 - i. Sa mga Nagrereklamo: Habang hindi ipinagpapalagay ng tagapagsiyasat na ang nakalipas na seksuwal na ugnayan sa pagitan ng partido ay nangangahulugang pinayagan ng Nagrereklamo ang espesipikong asal sa ilalim ng pagsisiyasat, ang ebidensya kung paano nag-usap ang mga partido may kinalaman sa pagpayag sa nakalipas na may pahintulot na mga pagtatagpo ay makatutulong sa tagapagsiyasat na maunawaan kung ang Respondente ay makatwirang pinaniwalaang nagbigay ng pahintulot sa panahon ng pagtatagpo sa ilalim ng pagsisiyasat. Higit pa, ang ebidensya ng tiyak na nakaraang seksuwal na pagtagpo ay maaaring may kaugnayan sa kung ang isang tao maliban sa respondente ay pinagmulan ng may kaugnayan na pisikal na ebidensya.
 - ii. Sa mga Respondente: Ang seksuwal na kasaysayan ng Respondente ay maaaring nauugnay upang ipakita ang batayan ng asal ng Respondente alinsunod sa Seksyon IV.C.3.c, o lutasin ang isa pang isyu ng kahalagahan sa pagsisiyasat.
 - iii. Ang ebidensya ng seksuwal na kasaysayan na nagpapakita ng reputasyon ng partido o karakter ay hindi kailanman isasaalang-alang na may kaugnayan sa sarili nito.
 - iv. Isasaalang-alang ng tagapagsiyasat ang inalok na ebidensya ng seksuwal na kasaysayan at ibibigay ito sa mga partido para repasuhin sa ilalim ng Seksyon IV.E. sa ibaba, kapag natukoy lamang ng tagapagsiyasat na direkta itong nauugnay. Ipapabatid ng tagapagsiyasat sa mga partido ang tungkol sa pasyang ito.

- e. **Klinikal na mga talaan.** Sa panahon ng imbestigasyon, hindi titingnan, rerepasuhin, isasaalang-alang, ibubunyag, o kung hindi man ay gagamitin ng tagapagsiyasat ang mga talaang medikal o kalusugan sa pag-uugali na ginawa kaugnay sa paggamot ng walang boluntaryong nakasulat na pahintulot ng partido.
- f. **Mga pribadong talaan.** Sa panahon ng imbestigasyon, hindi titingnan, rerepasuhin, isasaalang-alang, ibubunyag, o kung hindi man ay gagamitin ng tagapagsiyasat ang ebidensya na bumubuo, o humuhiling ng pagbubunyag ng, impormasyong protektado sa ilalim ng legal na kinikilalang pribilehiyo nang walang boluntaryong nakasulat na pahintulot ng partido.
- g. **Ebidensya ng dalubhasa.** Ang mga partido ay maaaring magpresenta ng ebidensya mula sa dalubhasang mga testigo kung ito ay may kaugnayan sa pagtutukoy sa kung naganap ang paglabag sa polisiya.
 - i. Kung nais ng partido na isaalang-alang ang naturang ebidensya, gagawa sila ng nakasulat na kahilingan sa opisyal ng ng Title IX, na nagpapahiwatig ng (mga) taong gusto nilang magpresenta bilang, at sumang-ayon na maging, kanilang dalubhasang testigo; ang (mga) isyu kung saan ang (mga) tao ay magbibigay ng dalubhasang ebidensya; bakit naniniwala sila na ang (mga) isyu ay nangangailangan ng dalubhasang opinion para sa resolusyon; at anumang naunang ugnayan, kabilang ang mga ugnayang personal at negosyo, sa pagitan ng partido at ng (mga) tao.
 - ii. Ipagkakaloob ng opisyal ng Title IX ang kahilingan para sa iminungkahing dalubhasa upang magbigay ng ebidensya kung ang iminungkahing ebidensya ay may kaugnayan, at tatanggihan ang kahilingan kung ang iminungkahing ebidensya ay walang kaugnayan. Ang iminungkahing dalubhasang ebidensya ay walang kaugnayan kung ito ay walang kinalaman sa pagpapatunay kung ang mga katotohanang mahalaga sa mga alegasyon sa ilalim ng imbestigasyon ay mas na o hindi malamang na totoo. Halimbawa, ang iminungkahing dalubhasang ebidensya ay walang kaugnayan kung ito ay nag-aalok ng mga opinyon tungkol sa mga regulasyon ng Title IX o Proseso ng Pagdaing sa DOE; kung ito ay nag-aalok ng mga opinyon na hindi nangangailangan ng kadalubhasaan upang mabuo; o kung ang iminungkahing dalubhasa ay may pagkiling o salungatan ng interes na napakatindi na ang kanilang opinion ay hindi makatutulong sa pagtuklas ng katotohanan sa pagtukov kung ang mga katotohanang mahalaga sa mga alegasyon sa ilalim ng imbestigasyon ay mas o hindi malamang na totoo.
 - iii. Kung ipagkaloob ng opisyal ng Title IX ang kahilingan para sa iminungkahing dalubhasang ebidensya, aabisuhan nila ang parehong mga partido. Samakatuwid, ang kabilang partido ay maaaring humiling na magpresenta ng iminungkahing dalubhasa sa

- parehong isyu (pati na rin ang magpresenta ng kanilang sariling dalubhasang ebidenysa sa iba pang kaugnay na mga isyu). Ang tanggapan ng Title IX ay maaari ring magpanatili ng sarili nitong dalubhasa sa anumang isyu kung saan ang isa o parehong mga partido ay magpepresenta ng dalubhasang ebidensya; titiyakin ng tanggapan ng Title IX na anumang naturang dalubhasa ay walang pagkiling o salungatan ng interes at aabisuhan ang mga partido ng sinumang dalubhasa na balak nitong panatiihin.
- iv. Bilang bahagi ng ebidensya na kanilang ilalahad, bibigyan ng sinumang dalubhasang testigo ang tagapagsiyasat ng impormasyon tungkol sa kanilang mga kwalipikasyon; ang batayan ng katotohanan sa kanilang mga pagpapalagay; at kanilang mga prinsipyo at pamamaraan at ang pagkamaaasahan nito. Ang mga salik ay mag-aambag sa pagtatasa ng bigat at kredibilidad ng ebidensya ng dalubhasang testigo.
- v. Sa pangkalahatan, hindi maaaring humiling sa kalaunan ang mga partido ng iminungkahing dalubhasang testigo upang tumestigo sa pagdinig maliban kung ang mga testigong ito ay nagbigay ng ebidensya sa panahon ng pagsisiyasat.
- D. Pakikipagtulungan sa Tagapagpatupad ng Batas. Kapag ang ahensya ng tagapagpatupad ng batas ay nagsasagawa ng sarili nitong imbestigasyon, dapat pagtugmain ng tapagsiyasat ang kanilang mga nagawang paghahanap ng katotohanan sa pagsisiyasat ng tagapagpatupad ng batas alinsunod sa Polisiyang SVSH (Tingnan ang Polisiyang SVSH Seksyon V.A.5.b.i at Polisiyang SVSH FAQs 7 at 8). Ang makatwirang pagkaantala na dulot ng nasabing koordinasyon ay maaaring maging mabuting dahilan ng pagpapahaba ng palugit upang kumpletuhin ang pagsisiyasat. Kung gayon, ang pagkaantala ay ipakikipag-usap at idodokumento alinsunod sa Polisiya ng SVSH.
- E. Pagkatataon upang Repasuhin at Tumugon. Bago tapusin ng tagapagsiyasat ang imbestigasyon at matapos ang nakasulat na ulat, ang Nagrereklamo at Respondente ay magkakaroon ng pantay na oportunidad upang repasuhin at tumugon nang pasulat sa ebidensya na ipinagpalagay ng tagapagsiyasat na direktang may relasyon pamantayan na mas malawak kaysa sa kaugnayan -, kabilang ang ebidensya na tinitimbang laban sa paghahanap ng (mga) paglabag polisiya at ebidensya na hindi balak asahan ng tagapagsiyasat, nakuha man mula sa partido o sa iba pang pinagkukunan. Ito ay totoo may pakikibahagi man o wala ang partido sa imbestigasyon. Ibibilang din sa pagrepaso ang buod ng direktang may relasyon na mga pahayag na isinagawa ng mga partido at sinumang mga testigo. Titiyakin ng Opisyal ng Title IX na ang repasong ito ay mangyayari sa paraan na dinisenyo upang protektahan ang pagkapribado ng parehong partido. Itatalaga ng Opisyal ng Title IX ang makatwirang oras para sa pagrepasong ito at tugon ng mga partido na ang magandang dahilan ng pagliban na nalaman ng Opisyal ng Title IX ng hindi bababa sa 10 araw na may pasok.
- F. Ulat sa Imbestigasyon. Ihahanda ng tapagsiyasat ang nasusulat na report na

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

kabilang ang makatotohanang mga paratang at pinaghihinalaang paglabag sa polisiya, pahayag ng mga partido at testigo, ang isinaalang-alang na buod ng ebidensya, paghahanap ng katotohanan, pagtukoy sa kredibilidad kung naaangkop, ang pagsusuri kung ang paglabag sa polisiya ay naganap, at paunang pagtukoy kung may anumang paglabag sa polisiya. Susuriin ng tagapagsiyasat ang Asal ng Estudyante sa paunang mga pagtukoy may kinalaman sa mga paglabag sa mga polisiya ng asal ng estudyante bukod sa *Polisiya ng SVSH*. Kung ang mga pagtukoy sa kredibilidad ay hindi kinakailangan upang maabot ang mga resulta at pagtukov sa paunang polisiva, itatala ang report at ipaliliwanag kung bakit. Kapag nag-alok ang Nagrereklamo o Respondente ng mga testigo o ibang ebidensya na hindi isinaalang-alang ng tagapagsiyasat, isasama sa report sa pagsisiyasat ang paliwanag kung bakit hindi ito isinaalang-alang. Dapat na ipakita rin ng ulat sa pagsisiyasat kung kailan at paano binigyan ang mga partido ng oportunidad na repasuhin ang ebidensya (tingnan ang Seksyon E sa itaas.) Kabilang sa ulat ng pagsisiyasat ang pagsusuri at paunang pagpapasya ng bawat paratang kabilang ang abiso ng mga paratang.

G. Pagbibigay ng Abiso at Ulat.

- 1. Sa pagkumpleto ng Imbestigasyon ng Title IX, ang Opisyal ng Title IX ay nagbibigay sa Nagrereklamo at Respondente ng (a) nasusulat na abiso ng makatotohanang resulta at paunang pagpapasya at (b) report sa imbestigasyon. Ang report sa imbestigasyon ay maaring baguhin upang protektahan ang pagkapribado. Ang Opisyal ng Title IX ay magbibigay ng Asal ng Estudyante na may nasusulat na abiso at hindi binagong kopya ng report sa imbestigasyon.
- 2. Ibibilang sa abiso ng makatotohanang resulta at paunang pagpapasya ang sumusunod:
 - Ang buod ng pahayag ng makatotohanang resulta at paunang pagpapasya may kinalaman sa *Polisiya ng* o ibang mga polisiya ng asal ng estudyante na nilabag;
 - b. Sa mga kaso kung saan ang paunang pinagpasyahan ng tagapagsiyasat ang (mga) paglabag sa polisiyang naganap, ang paliwanag kung paano pagpapasyahan ang pinanukalang parusa, kabilang ang bawat partido ay magkakaroon ng oportunidad na magbigay ng marka sa mga parusa sa pamamagitan ng pagpupulong sa Student Conduct at/o nasusulat na pahayag (tingnan ang Seksyon V);
 - c. Ang pahayag na ang bawat partido ay maaaring magbigay ng nakasulat ng tugon sa ulat ng pagsisiyasat na nagpapahiwatig kung tinatanggap nila o hindi tinatanggap ang paunang pagpapasya, tingnan ang Seksyon VI;
 - d. Ang pahayag na, maliban kung parehong mga partido ay tinatanggap ang paunang pagtutukoy ng (mga)_paglabag sa polisiya, magkakaroon ng pagdinig sa paghahanap ng katotohanan upang tukuyin kung ang *Polisiyang SVSH* o ibang mga polisiyang isinagawa sa asal ng estudyante

- ay nilabag, pagkatapos na tukuyin ng Student Conduct ang anumang mga parusa;
- e. Ang paliwanag ng mga pamamaraan at timeline para sa pagtanggap ng paunang pagpapasya (tingnan ang Seksyon VI);
- f. Ang pahayag na kung tinanggap ng parehong mga partido ang paunang pagpapasya, magkakaroon pa rin sila ng karapatang umapela sa parusa, kung mayroon man;
- g. Babala laban sa Paghihiganti; at
- h. Paliwanag ng anumang Sumusuportang mga Hakbang na mananatiling naaangkop.
- H. Pag-access sa Tukoy na mga Tala ng Pagsisiyasat. Pagkatapos ibigay nasusulat na ulat ng tagapagsiyasat, ang file ng imbestigasyon, na naglalaman ng ulat ng pagsisiyasat at anumang ebidensyang ipinagpalagay na direktang may relasyon ng tagapagsiyasat (katulad ng dinokumento sa ulat ng pagsisiyasat), ay dapat ingatan ng Opisyal ng Title IX at gawing available sa mga partido para sa pagsisiyasat kung hilingin. Maaari itong baguhin upang protektahan ang pagkapribado.
- V. PINANUKALANG PARUSA (IKALAWANG YUGTO) Sa mga kaso kung saan ang paunang pinagpasyahan ng tagapagsiyasat ang nangyaring paglabag sa polisiya:
 - A. Puna ng Partido. Sinuman sa partido ay maaaring mag-iskedyul ng pagpupulong o magsumite ng nasusulat na pahayag sa Student Conduct upang magbigay ng puna sa mga parusa. Ang partidong gagawa nito ay tatanggap sa loob ng tatlong araw ng abiso ng paunang pagpapasya, alinman sa tawagan ang Student Conduct upang mag-iskedyul ng pagpupulong o magsumite ng nasusulat na pahayag sa opisinang iyon.
 - B. Panukala ng Student Conduct. Rerepasuhin ng Student Conduct ang ulat, ang ebidensyang tinuring na nauugnay ng tagapagsiyasat katulad ng dinokumento sa ulat, ang paunang mga pagpapasya, paunang tala ng asal ng respondente, anumang puna sa mga parusa mula sa mga partido (tumanggap ng alinman sa personal o sa pamamagitan ng liham), at anumang iba pang impormasyong nauugnay sa mga salik na inilarawan sa Seksyon IX, at tutukuyin ang pinanukalang parusa. Ang Student Conduct ay magpapanukala ng parusa sa lahat ng kaso kung saan may paunang pagpapasya na ang polisiya ay nilabag.
 - **C. Abiso.** Aabisuhan ng Student Conduct ang mga partido ng pinanukalang parusa at makatwirang suporta ng abiso ng resulta ng imbestigasyon at paunang pagpapasya sa loob ng 15 araw na may pasok.
 - **D. Pagpupulong ng Student Conduct.** Kung maaari, ang pagpupulong ng partido kasama ang Student Conduct para magbibigay ng puna sa mga parusa ay pagsasamahin sa pagpupulong na pinag-isipang mabuti sa Seksyon VI.A.

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

VI. PAGKAKATAONG TANGGAPIN ANG PAUNANG PAGPAPASYA (IKATLONG YUGTO)

Maliban kung ang parehong mga partido ay tumanggap ng paunang pagpapasya ng tagapagsiyasat kung nilabag man o hindi ang polisiya, magkakaroon ng pagdinig sa paghahanap ng katotohanan upang tukuyin kung nalabag ang *Polisiya ng SVSH* o iba pang mga polisiya ng student conduct, pagkatapos na pagpasyahan ng Student Conduct ang alinman sa mga parusa.

A. Pagkakataon upang Talakayin ang mga Opsyon.

Kung nais talakayin ng alinman sa partido ang posibilidad ng pagtanggap at ang mga implikasyon ng pagtanggap o hindi pagtutol sa paunang pagpapasya, kabilang ang pagdinig na magiging resulta kapag sinuman sa partido ay hindi tanggapin ang paunang pagpapasya, maaari nilang talakayin ang kanilang mga opsyon sa Student Conduct (kahit na ang paunang pagpapasya ng tagapagsiyasat ay walang naganap na paglabag sa polisiya). Kung alinman sa partido ay nais na makipagpulong sa Student Conduct, tatawagan nila ang Student Conduct sa loob ng 3 araw na may pasok pagkatapos matanggap ang abiso ng paunang pagpapasya upang mag-iskedyul ng pagpupulong.

B. Pagtanggap ng Paunang Pagpapasya

- 1. Alinmang partido ay maaaring tanggapin ang paunang pagpapasya sa loob ng 20 araw na may pasok pagkatapos ng abiso ng mga resulta ng imbestigasyon at paunang pagpapasya. Maliban kung parehong mga partido ay tinanggap ang paunang pagpapasya sa loob ng tagal ng panahong ito, kung gayon ay magpapatuloy ang usaping ito sa isang pagdinig upang tukuyin kung naganap ang paglabag sa polisiya.
- 2. Ang isang partido ay maaaring tanggapin ang paunang pagpapasya sa pamamagitan ng pagbibigay sa Student Conduct ng nasusulat na tugon na nagpapahayag na tinatanggap ng partido ang paunang pagpapasya, at hindi gustong magpatuloy sa pagdinig. Maaari ring magbigay ang partido sa Student Conduct ng nakasulat na tugon na nagpapahayag na hindi tinatanggap ng partido ang paunang pagpapasya.
- 3. Kapag nagbigay ang parehong mga partido ng nakasulat na tugon na hindi nila gustong magpatuloy sa pagdinig sa loob ng 20 araw na may pasok, kung gayon ay magiging pinal ang paunang pagpapasya may kinalaman sa (mga) paglabag sa polisiya, at ang Student Conduct ay magpapataw ng pinanukalang parusa, at ang mga partido ay magkakaroon ng karapatang apelahan ang parusa.

C. Pagsasaalang-alang ng Pinagsama-samang Nauugnay na mga Kaso

May karapatan ang opisyal ng Title IX na isaayos o pagsamahin ang imbestigasyon at huling pagpapasya ng mga kasong iyon kung ang kasong iyon ay nagbuhat sa napakalaking parehong pangkat ng makatotohanang paratang tulad ng isa pang kaso sa proseso ng paglutas ng estudyante (halimbawa, kung maraming Nagrereklamo o Respondente ang sangkot sa parehong insidente), o kung sangkot ang parehong Nagrereklamo at Respondente.

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

D. Abiso ng Pagdinig o Walang Pagdinig

- Maliban kung ang parehong mga partido ay tinanggap ang paunang pagpapasya, aabisuhan sa pagtatapos ng 20 araw ng negosyo, aabisuhan ng Student Conduct ang mga partido na magkakaroon ng pagdinig. Kabilang sa abiso ng pagdinig ang buod ng mga hakbang ng pagdinig na inilarawan sa Seksyon VII.
- 2. Bilang kahalili, kung ang parehong mga partido ay tinanggap ang paunang pagpapasya, aabisuhan ng Student Conduct ang mga partido na hindi magkakaroon ng pagdinig. Ang abisong ito ay magpapakita na ang paunang pagpapasya ng opisina ng Title IX na ang (mga) paglabag sa polisiya na piniling tanggapin ng mga partido ay pinal, at ang Student Conduct ay nagpapataw ng pinanukalang parusa (kung mayroon); at ang mga partido ay may karapatang umapela sa parusa.

VII. PAGDINIG UPANG TAKAYIN ANG MGA PAGLABAG NG POLISIYA (IKAAPAT NA YUGTO)

A. Pagdinig sa Paghahanap ng Katotohanan. Maliban kung ang parehong mga partido ay tinanggap ang paunang pagpapasya ng tagapagsiyasat, magkakaroon ng paghahanap ng katotohanan na pagdinig sa harap ng nag-iisang opisyal ng pagdinig. Ang pagdinig ay upang tukuyin kung ang pagdinig ng *Polisiya ng SVSH* (at alinman sa mga paglabag na hindi *Polisiya ng SVSH* na ipinataw may kinalaman sa mga iyon) ay naganap o hindi. Ang tungkulin ng Unibersidad sa pagdinig ay walang kinikilingan. Isasaalang-alang ng Unibersidad ang nauugnay na ebidensyang magagamit, kabilang ang nauugnay na ebidensyang inihain ng mga partido, upang makagawa ng paghahanap ng katotohanan at tukuyin kung naganap ang paglabag sa polisiya o hindi.

B. Opisyal ng Pagdinig.

- 1. Maaaring empleyado ng Unibersidad o contractor mula sa labas ang opisyal ng pagdinig, at maaaring hind parehong tao sa Opisyal ng Title IX o tapagagsiyasat. Gayunpaman, sila ay angkop na sinanay, na ang pagsasanay na iyon ay isinaayos ng Opisyal ng Title IX.
- 2. Ang coordinator ng pagdinig ay mag-aabiso sa mga partido ng pagkakakilanlan ng opisyal ng pagdinig. Sa loob ng 5 araw na may pasok pagkatapos ng abiso, ang mga partido ay maaaring humiling ng diskwalipikasyon sa batayan ng pagkiling o salungatan ng interes.
 - a. Halimbawa, pagkakasangkot sa kaso o pagkaalam sa mga paratang sa isyu bago ang pagpili bilang opisyal ng pagdinig, o malapit na personal na ugnayan sa partido o inaasahang testigo sa pagdinig, depende sa mga kalagayan ay gumagarantiya ng diskwalipikasyon ng opisyal na pagdinig.
 - Ang pagtatrabaho sa Unibersidad, o bago ang pagtatrabaho para sa Unibersidad bilang kontratista mismo ay hindi gumagarantiya sa kwalipikasyon.

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

- c. Ang kasarian ng opisyal ng pagdinig, pagkakakilanlan ng kasarian, lahi, etnisidad, relihiyon, seksuwal na oryentasyon o katulad na pagkakakilanlan ng katangian, o ang katotohanan na naiiba sila mula sa ibang partido, na hindi naggagarantiya ng kwalipikasyon.
- 3. Ang Student Conduct ay magpapasya ng anumang kahilingan para sa diskwalipikasyon ng opisyal ng pagdinig at nag-aabiso sa parehong partido ng kanilang desisyon at, kung tinukoy nila na palitan ang mga opisyal sa pagdinig, ang pangalan ng bagong opisyal sa pagdinig.
- **C.** Tagapangasiwa ng Pagdinig. Ang bawat pagdinig ay magkakaroon ng tagapangasiwa ng pagdinig, na naiiba mula sa opisyal ng pagdinig, na mangangasiwa sa administratibo at pamamaraang aspekto ng pagdinig.

D. Mga Hakbang Ng Paunang Pagdinig.

- 1. Kung ang pagdinig ay kailangan sa ilalim ng mga pamamaraang ito, ang opisyal ng pagdinig at tagapangasiwa ng pagdinig ay magsasagawa ng pagpupulong (nang personal o malayuan) kasama ang bawat partido upang ipaliwanag ang proseso ng pagdinig, tugunan ang mga tanong, simulan ang pagtukoy sa sakop ng pagdinig, at tugunan ang ibang mga isyu upang isulong ang maayos, produktibo at patas na pagdinig.
 - a. Magbibigay ang coordinator ng pagdinig ng nakasulat na abiso sa bawat partido ng kanilang pagpupulong bago ang pagdinig, kasama ng oras, lokasyon (o kung malayuan, mga panuto sa pagtawag), at layunin ng pagpupulong, nang hindi bababa sa 10 araw ng negosyo bago ang pagpupulong bago ang pagdinig.
 - b. Bawat partido ay magsusumite ng paunang pahayag ng mga isyu, kung mayroon, sa opisyal ng pagdinig na hindi lalampas sa 5 araw na may pasok bago ang pagpupulong sa paunang pagdinig na bawat isa ay itinuturing na pinagtatalunan at nauugnay sa pagtukoy kung naganap o hindi ang paglabag sa polisiya, at ang ebidensya na nilalayon nilang ipakita sa bawat isyu, kabilang ang lahat ng mga dokumentong ipapakita, ang mga pangalan ng lahat ng hiniling na mga testigo, at maikling buod ng inaasahang testimonya ng mga testigong iyon. Ang mga partido sa susunod ay magkakaroon ng karagdagang oportunidad upang magsumite ng pinanukalang ebidensya, tingnan ang Seksyon VII.D.3 sa ibaba.
 - c. Sa pagpupulong ng paunang pagdinig, tatalakayin ng opisyal ng pagdinig at partido ang ebidensyang ibinigay ng partido upang tumulong na tukuyin at iwasto ang mga isyu na pagpapasyahan sa pagdinig, na mag-aabiso sa determinasyon ng sakop ng pagdinig ng opisyal ng pagdinig.
 - d. Bawat partido ay dapat magtungo sa paunang pagdinig na pagpupulong na inihanda upang i-iskedyul ang mga petsa para sa pagdinig.
 - e. Ipapaliwanag ng opisyal ng pagdinig at/o tagapangasiwa kung ano ang aasahan sa pagdinig, tingnan ang Seksyon VII.E. sa ibaba.

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

- f. Tatalakayin din ng opisyal na pagdinig at/o tagapangasiwa ang mga hakbang na magagamit upang protektahan ang kagalingan ng mga partido at testigo sa pagdinig, kung naaangkop. Maaaring kabilang dito, halimbawa, ang paggamit ng isinabuhay na mga pangalan at panghalip sa pagdinig, kabilang ang mga pangalan sa screen; ang karapatan ng partido na makasama nila kanilang sumusuportang tao sa lahat ng oras sa pagdinig; kakayanan ng kalahok sa pagdinig na humiling ng pahinga sa pagdinig, maliban kung ang isang tanong ay nakabinbin.
- g. Ipapaalam ng opisyal at/o coordinator ng pagdinig sa mga partido na ang pagdinig ay gagawin ng malayuan. Kung naniniwala ang partido na kailangan nila ng pisikal na espasyo na ibibigay ng Unibersidad o teknolohikal na kagamitan o tulong upang lumahok sa malayuan halimbawa dahil sa mga alalahanin sa kaligtasan o pagkapribado, o sa kapansanan maaari silang humiling ng naturang mga mapagkukunan sa coordinator ng pagdinig sa pagpupulong bago ang pagdinig.
- Ang mga partido at kanilang mga tagapayo, kung mayroon sila sa yugtong ito ng proseso, ay inaasahang lumahok sa pagpupulong ng paunang pagdinig.
- i. Kung ang partido ay hindi lumahok sa pagpupulong ng paunang pagdinig (o hindi ipinaalam nang pauna sa tagapangasiwa na kailangan nila ng reiskedyul), aabisuhan ng tagapangasiwa ng pagdinig ang partido na mayroon silang 2 araw na may pasok upang tawagan ang tagapangasiwa ng pagdinig upang mag-iskedyul muli. Walang napalalampas na mga kalagayan, kung hindi tumawag ang partido sa tagapangasiwa ng pagdinig sa loob ng 2 araw na may pasok, magpapatuloy ang pagdinig ngunit ang hindi lumahok na partido ay ipagpapalagay na sang-ayon alinsunod sa kahulugan ng opisyal ng pagdinig ng sakop ng pagdinig.
- 2. Tutukuyin ng opisyal ng pagdinig sa loob ng 5 araw na may pasok pagkatapos pagtibayin ang mga pagpupulong ng parehong partido (o pagtukoy na nagpasya ang partidong na hindi lumahok sa proseso ng paunang pagdinig) kung anong mga isyu ang pinagtatalunan at nauugnay sa pagtukoy kung naganap ang (mga) paglabag sa polisiya, at aabisuhan ang mga partido ng sakop ng mga isyung tutugunan sa pagdinig at ang inaasahang mga testigo. Karapatan ng opisyal ng pagdinig na bigyan o tanggihan ang buo o bahagi ng kahilingan ng mga partido para sa mga testigo sa batayan ng kaugnayan. Maaaring kabilang sa pagtukoy ng sakop ng opisyal ng pagdinig ang mga isyu, ebidensya, at testigo na hindi ibinigay ng mga partido.

Sa buong proseso ng paunang pagdinig, kabilang ang abiso ng sakop ng pagdinig, ang opisyal ng pagdinig ay:

a. Hindi isasama ang ebidensya kabilang ang testimonya ng abogado, halimbawa, na hindi nauugnay sa paratang na (mga) paglabag ng polisiya, o nauugnay lamag sa mga isyung hindi pinagtalunan, o lubhang paulit-ulit, at ipatupad ang mga prinsipyo sa ebidensya sa Seksyon IV.C.3;

- b. Magpasya sa anumang isyu ng pamamaraan para sa pagdinig; at/o
- c. Gumawa ng anumang iba pang pagpapasyang kinakailangan upang isulong ang maayos, produktibo at patas na pagdinig na sumusunod sa mga panuntunan ng asal.
- 3. Sa loob ng 5 araw na may pasok pagkatapos matanggap ang kahulugan ng sakop ng opisyal ng pagdinig, maaari nang magsumite ang mga partido ng karagdagang impormasyong tungkol sa ebidensya, kabilang ang testimonya ng testigo, na gusto nilang ipakita.
- 4. Magpapadala ang tagapangasiwa ng pagdinig ng nasusulat na abiso sa mga partido na nag-aabiso sa kanila ng petsa ng pagdinig, oras, lugar at mga hakbang nang bababa sa 10 araw na may pasok bago ang pagdinig,.
- 5. Titiyakin ng tagapangasiwa ng pagdinig na ang tagapagsiyasat ng Title IX (o kung hindi makakadalo, ang kinatawan mula sa opisinang iyon) ay magiging representante upang tumestigo sa oras ng pagdinig. Ang testimonya ng tagapagsiyasat ng Title IX ay maaaring angkop upang tulungang malutas ang mga alitan tungkol sa pagiging tunay ng ebidensya na ibinuod sa ulat ng imbestigasyon at sa isyu sa pagdinig, o kung inaalala ng tagapagsiyasat ang pahayag ng partido o testigo sa pagsisiyasat. Ang tagapagsiyasat ng Title IX ay dapat hindi tanungin tungkol sa kanilang pagtatasa ng kredibilidad ng partido o testigo, at na ang proseso ng pagsisiyasat sa pangkalahatan, pati na ang kanilang paunang pagpapasya ng kung naganap ang mga paglabag sa polisiya, dahil ang opisyal ng pagdinig ay gagawa ng sarili nilang mga pagpapasya sa kredibilidad at pagpapasya ng (mga) paglabag ng polisiya kung kaya ang impormasyon na ito ay walang kaugnayan.
- 6. Batay sa pasya ng opisyal ng pagdinig, ang tagapangasiwa ng pagdinig ay hihiling ng katibayan ng pagdalo ng lahat ng testigo na tinukoy ang testimonya sa loob ng sakop ng pagdinig. Hindi pipilitin ng Unibersidad ang mga partido o testigo na tumestigo sa pagdinig o sa kanilang pasya na hindi tumestigo ay hindi magiging dahilan upang kanselahin o ipagpaliban ang pagdinig.
- 7. Ang mga partido ay tatanggap ng kumpirmasyon ng sakop at ebidensya ng opisyal ng pagdinig kahit na 2 araw na may pasok man lamang bago ang pagdinig; mga kopya ng lahat ng ebidensya na isasaalang-alang sa pagdinig na natanggap ng opisyal ng pagdinig, kabilang ang file ng imbestigasyon at anumang iba pang dokumento na isasaalang-alang; ang mga pangalan ng inaasahang testigo at buod ng kanilang inaasahang testimonya. Kung hindi isinama ng opisyal ng pagdinig ang ebidensya (kabilang ang testimonya ng testigo) na hiniling ng partido na ipakita, ipaliliwanag nila kung bakit walang kaugnayan ang ebidensyang iyon. Aabisuhan din ng opisyal ng pagdinig ang mga partido ng alinman sa mga pagpapasya sa pamamaraan na isinagawa nila may kinalaman sa pagdinig. Ang materyal na ito ay ibibigay din sa Opisyal ng Title IX.
- 8. Ang mga partido ay hinihimok na magsumite ng anumang mga katanungan para sa ibang partido at sinumang inaasahang mga testigo sa tagapangasiwa

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

- ng pagdinig bago ang pagdinig, ngunit hindi limitado sa mga tanong sa pagdinig. Ang mga tanong ay hindi ibabahagi sa ibang partido o mga testigo.
- 9. Sa anumang punto bago ang pagdinig, kung ang inaasahan ng partido na wala silang makukuhang tagapayo sa pagdinig upang itanong ang kanilang mga katanungan para sa kanila, dapat nilang ipaalam sa coordinator ng pagdinig, upang pahintulutan ang Unibersidad na magplano sa pagtalaga ng tao sa partido na magtanong ng mga katanungan ng partido sa pagdinig ("Tagabasa"). Gayunpaman, kahit walang abiso o habang nagaganap ang pagdinig, magbibigay ang Unibersidad ng naturang mapagkukunan kung ang partido ay walang makuha. Kung alinman sa partido ang walang tagapayong makuha sa pagdinig para sa layunin ng pagtanong ng kanilang mga katanungan para sa kanila, magtatalaga ang coordinator ng pagdinig ng tao upang gampanan ang tangi at tiyak na tungkulin ng pagtatanong ng mga katanungan ng partido (at hindi ng pagsisilbing kanilang tagapayo ng mas pangkalahatan), nang walang gastos sa partido.

E. Mga Pamamaraan ng Pagdinig

- 1. Ang pagdinig ay isasagawa sa magalang na paraan na nagsusulong ng patas at angkop na paghahanap ng katotohanan at sumusunod sa mga patakaran ng asal. Tutugon lamang ang mga partido at testigo sa opisyal ng pagdinig, at hindi sa isa't isa. Tanging opisyal ng pagdinig at ang mga tagapayo ng mga partido (o Tagabasa kung wala silang mga tagapayo), alinsunod sa talata 5 sa ibaba, ang maaaring magtanong sa mga testigo at partido.
- 2. Isasagawa ang pagdinig nang malayuan, nang may anumang mga pagbabago na ginawa ng coordinator ng pagdinig bilang tugon sa kahilingan ng partido para sa tulong, tingnan ang Seksyon VII.D.1.g sa itaas.
- 3. Hindi magagamit ang mga patakaran ng ebidensya at hakbang ng Hukuman. Karaniwang isasaalang-alang ng opisyal ng pagdinig ang, iyon ay aasa sa, lahat ng ebidensyang tinukoy nila na nauugnay at maaasahan, Maaaring tukuyin ang kaugnayan at timbangin ng opisyal ng pagdinig ang halaga ng anumang testimonya ng testigo o ibang ebidensya sa paghahanap ng katotohanan, napapailalim sa talata 7 sa ibaba. Susundin din ng opisyal ng pagdinig ang mga simulain ng pagbibigay ng ebidensya sa Seksyon IV.C.3. Sa buong pagdinig, ang opisyal ng pagdinig ay:
 - a. Hindi isasama ang ebidensya kabilang ang testimonya ng pagdinig na, halimbawa, hindi nauugnay may kinalaman sa paratang na (mga) paglabag sa polisiya, o nauugnay lamang sa mga isyu na hindi pinagtatalunan o lubhang paulit-ulit, at kinakailangan ng muling pagbigkas ng mga katanungan na lumalabag sa mga panuntunan ng asal,
 - b. Nagpapasya sa anumang mga isyu ng hakbang para sa pagdinig at/o
 - c. Gumawa ng anumang iba pang pagpapasyang kinakailangan upang isulong ang maayos, produktibo at patas na pagdinig na sumusunod sa mga panuntunan ng asal.

- 4. Makikita at maririnig ng mga partido (o, kung bingi o hirap sa pandinig, na magamit ang mga pantulong para sa mga serbisyo) ang lahat ng pagtatanong at testimonya sa pagdinig, kung nais nila. Lahat ng mga testigo (bukod sa mga partido) ay dadalo sa pagdinig lamang para sa kanilang sariling testimonya.
- 5. Pagtatanong sa Pagdinig. Ang opisyal ng pagdinig ay maaaring magtanong ng mga katanungang may kaugnayan sa lahat ng mga partido at testigo, kabilang ang mga may kaugnayan na nagtatasa ng kredibildad. Ang tagapayo ng bawat partido ay maaaring magtanong ng mga katanungang may kaugnayan sa ibang partido (hindi nila partido) at sa mga testigo upang tasahin ang kredibilidad. Tulad ng isinaad sa Seksyon VII.D.9 sa itaas, magtatalaga ang Unibersidad ng taong magtatanong ng mga katanungan ng partido kapag walang tagapayo ang partido sa pagdinig. Ang mga prinsipyo sa ebidensya sa Seksyon IV.C.3 ay naaangkop sa kabuuan.
 - a. Tutukuyin ng opisyal ng pagdinig ang ayos ng pagtatanong sa mga partido at testigo. Para sa bawat partido o testigo, magtatanong muna ang opisyal ng pagdinig ng kanilang sariling mga katanungan.
 - b. Maghahanda ang bawat partido ng kanilang mga tanong, kabilang ang anumang kasunod na mga tanong, para sa ibang partido at mga testigo, at ibibigay ang mga ito sa kanilang tagapayo. Itatanong ng tagapayo ang mga katanungan ayon sa pagkabigay ng mga ito ng partido, at hindi maaaring magtanong ng mga katanungan na binuo ng tagapayo na hindi kasama ang partido.
 - c. Kung hindi dadalo ang partido sa pagdinig, magpapatuloy pa rin ang pagdinig, at maaari pa rin magtanong ang kanilang tagapayo o kung wala sila, isang Tagabasa na itinalaga ng Unibersidad ng mga tanong na kanilang inihanda.
 - d. Kapag nagtatanong ang tagapayo ng mga katanungan sa ibang partido o sa testigo, ang opisyal ng pagdinig ang magpapasya kung ang bawat tanong ay may kaugnayan bago ito sasagutin ng partido o testigo at hindi isasama ang anuman na walang kaugnayan o hindi nararapat na paulit-ulit, at mangangailangan ng muling pagbigkas ng anumang mga katanungan na naglalabag sa mga panuntunan ng asal. Kung magpasya ang opisyal ng pagdinig na ang katanungan ay hindi dapat isali dahil walang kaugnayan, ipapaliwanag nila ang kanilang pangangatwiran.
 - e. Sa anumang oras, maaaring magtanong ang opisyal ng pagdinig ng kasunod na mga katanungan sa mga partido at testigo.
 - f. Sinumang mga dalubhasang testigo na kinilala sa panahon ng pagsisiyasat, tanging ang Seksyon IV.C.3.f ay sasailalim sa parehong pamamaraan ng pagtatanong.
 - g. Ang file ng pagsisiyasat ay ipapasok bilang ebidensya sa pagdinig. Karaniwang magtitiwala ang opisyal ng pagdinig sa anumang resulta ng ulat na hindi pinagtalunan.
- 6. Ang mga prinsipyo sa mga Seksyon III.G at H ay naaangkop.

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

- 7. Ipatutupad ng opisyal ng pagdinig ang mga hakbang na sa tingin nila ang angkop upang protektahan ang kagalingan ng mga partido at mga testigo. Halimbawa, pahihintulutan ng opisyal ng pagdinig ang paghihiwalay ng mga partido, pansamantalang pagpapahinga, at ang paglahok ng mga taong sumusuporta alinsunod sa mga pamamaraang ito.
- 8. Papayagan ng opisyal ng pagdinig ang mga partido at/o testigo na biswal na paghiwalayin sa oras ng pagdinig maliban sa itinakda sa talata 4 sa itaas. Maaaring kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, videoconference at/o iba pang angkop na teknolohiya. Upang tasahin ang kredibilidad, ang opisyal ng pagdinig ay dapat may sapat na access sa Nagrereklamo, Respondente, at sinumang mga testigo na nagbibigay ng impormasyon; kapag nakikita ang opisyal ng pagdinig, kung gayon dapat silang makita ng opisyal ng pagdinig.
- 9. Magkakaroon ng pagkakataon ang mga partido na ipakita ang ebidensyang sinumite nila, sakop ng anumang mga hindi pagbibilang na tinukoy ng opisyal ng pagdinig. Karaniwan, hindi maaaring ipakilala ng mga partido ang ebidensya kabilang ang testimonya ng testigo sa pagdinig na hindi nila tinukoy sa oras ng proseso ng paunang pagdinig. Gayunman, karapatan ng opisyal ng pagdinig na tanggapin o hindi tanggapin ang karagdagang ebidensyang ibinigay sa pagdinig.
- 10. Ang mga partido ay inaasahang gugugol ng oras sa mga katotohanan o ebidensyang hindi tinutulan na magiging paulit-ulit.
- 11. Itatala ng Unibersidad sa pamamagitan ng audio ang pagdinig at mapapagaralan ng mga partido sa kanilang kahilingan.
- 12. Maaaring isama ng mga partido ang kanilang mga tagapayo at mga taong sumusuporta sa buong panahon ng pagdinig. Tingnan ang Seksyon III.E.

F. Pagtukoy sa Paglabag ng Polisiya

- 1. *Mga Pamantayan ng Pagtalakay*. Magpapasya ang opisyal ng pagdinig kung ang paglabag sa *Polisiya ng SVSH* (o nauugnay na paglabag sa polisiya ng hindi *Polisiya ng SVSH*) na naganap batay sa pamantayan ng Paghahanda ng Katibayan.
- 2. Isinaalang-alang na Impormasyon.
 - a. Isasaalang-alang ng opisyal ng pagdinig ang file sa imbestigasyon at ang ebidenyang ibinigay at tinanggap sa pagdinig. Ang mga tuntunin sa ebidensya sa Seksyon IV.C.3 ay naaangkop din. Sa anumang pinagtalunan at materyal na isyu, ang opisyal ng pagdinig ay dapat gumawa ng kanilang sariling pagpapasya sa resulta at kredibilidad batay sa lahat ng ebidensya bago ang mga iyon, napapailalim sa talata b sa ibaba.
 - b. Sa anumang pinagtalunan at mahalagang isyu, ang opisyal ng pagdinig ay maaaring hindi isaalang-alang ang anumang pahayag tungkol sa kung ang partido o testigo ay tumanggi, sa kabuuan o bahagi, na sagutin ang mga katanungang itinanong ng partido (sa pamamagitan ng kanilang tagapayo o Tagabasa na itinalaga ng Unibersidad) at pahintulutan kung may

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

kaugnayan ng opisyal ng pagdinig. Para sa mga layunin ng mga pamamaraang ito, ang pahayag ay anuman na bumubuo ng balak ng tao na gumawa ng makatotohanang panindigan.

- **G. Parusa.** Kapag nagpasya ang opisyal ng pagdinig na anumang paglabag sa polisiya ay naganap, ipapadala nila ang kanilang pasya at resulta sa Student Conduct sa loob ng 10 araw na may pasok ng pagdinig. Batay sa mga pasya at resulta ng opisyal ng pagdinig, at ibang impormasyong nauugnay sa pagpaparusa (tingnan ang Seksyon IX.D.), tutukuyin ng Student Conduct ang angkop na parusa.
- H. Abiso ng Pagpapasya at Parusa. Sa loob ng 15 araw na may pasok ng pagdinig, ang tagapangasiwa ng pagdinig ay magpapadala ng sabay-sabay na nasusulat na abiso sa Nagrereklamo at Respondente (kasama ang kopya sa Title IX Officer at Student Conduct) na itinatakda ang pasya ng opisyal ng pagdinig kung ang Polisiya ng SVSH at/o ibang mga polisiya ng asal ay nilabag, at, kung oo, ang pasya sa anumang mga parusa ng Student Conduct ay ipapataw. Kabilang sa nasusulat na abiso ang sumusunod:
 - 1. Buod ng mga alegasyon na bubuo ng Asal na Saklaw ng DOE at ibang Labag sa Batas na Asal sa ilalim ng *Polisiyang SVSH*, at anumang ibang may kaugnayan na mga paglabag sa asal ng estudyante.
 - 2. Ang mga pagpapasya kung ang *Polisiya ng SVSH* at/o ibang mga polisiya ng asal ay nilabag o hindi,
 - 3. Kung oo, ang paglalarawan ng mga parusa;
 - Na ang Opisyal ng Title IX ang magpapasya kung ang Nagrereklamo ay bibigyan ng karagdagang lunas, at ipapaalam sa Nagrereklamo ng pagpapasyang ito;
 - 5. Paglalarawan ng kasaysayan ng pamamaraan ng reklamo;
 - 6. Ang mga resulta ng bawat pagtutol, materyal na katotohanan at pagsusuri ng ebidensya na sumusuporta sa resulta;
 - 7. Ang buod ng katotohanang natuklasan ng tagapagsiyasat na ang mga partido ay hindi tumutol.
 - 8. Ang mga dahilan ng pasya ng bawat paratang;
 - 9. Kung natukoy ng opisyal ng pagdinig na ang Asal na Saklaw ng DOE ay hindi naganap, ang pagsusuri ng kung ang ibang ipinaratang na asal, kabilang ang ibang mga paglabag sa *Polisiyang SVSH*, ay naganap;
 - 10. Ang dahilan ng anumang parusa;
 - 11. Ang pahayag ng karapatang umapela; batayan at haba ng panahon ng pagapela, ang opisyal kung saan isusumite ang apela, at ang hakbang na susundin ng Unibersidad sa pagpapasya ng apela; at
 - 12. Ang paliwanag na ang parehong partido ay tatanggap ng kopya ng anumang apelang sinumite alinsunod sa mga pamamaraang ito.
- I. Pagdodokumento ng Pagdinig. Sa buong proseso bago ang pagdinig at sa

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

pagdinig, ang tagapangasiwa ng pagdinig ay magdodokumento ng proseso alinsunod sa mga hakbang (kabilang ang mga takdang panahon) sa seksyong ito. Pagkatapos ng pagpapasya sa paglabag ng polisiya at makumpleto ang parusa, ang tagapangasiwa ng pagdinig ay magbibigay ng dokumentasyong ito, kasama ang lahat ng dokumentong nauugnay sa pagdinig, at ang pagtatala ng pagdinig sa Title IX Officer.

VIII. PROSESO NG PAG-APELA (IKALIMANG YUGTO)

- A. Pantay na Oportunidad sa Pag-apela. Ang Nagrereklamo at Respondente ay may pantay na oportunidad upang umapela sa (mga) pasya ng paglabag sa polisiya at anumang (mga) parusa. Pinangangasiwaan ng Unibersidad ang proseso ng apela, subalit hindi isang partido at hindi nagsusulong para sa o laban sa anumang apela.
- **B. Mga Batayan ng Apela.** Maaari lamang umapela ang partido sa mga batayan na inilarawan sa seksyong ito. Dapat tukuyin ng apela ang (mga) dahilan kung bakit hinahamon ng partido ang resulta sa ilalim ng isa o higit pang available na mga batayan.
 - 1. Sa mga kaso kung saan nagkaroon ng pagdinig, ang sumusunod sa mga batayan para sa apela ay inilalapat:
 - a. Nagkaroon ng pagkakamali sa hakbang sa proseso ng pagdinig na materyal na nakakaapekto sa resulta; ang pagkakamali sa hakbang ay tumutukoy sa diumano'y mga paglihis mula sa polisiya ng Unibersidad, at hindi sa mga hamon sa mga polisiya at pamamaraan;
 - b. Mayroong bagong ebidensya na hindi makatuwirang nakuha sa panahon ng pagdinig at maaaring makaapekto ng lubha sa kalalabasan;
 - c. Ang opisyal ng pagdinig ay may salungatan ng interes o pagkiling na nakaapekto sa kalalabasan;
 - d. Ang pagpapasya may kinalaman sa paglabag sa polisiya sa hindi katanggap-tanggap batay sa ebidensya bago ang opisyal na pagdinig; ang batayang ito ay magagamit lamang sa partido na lumahok sa pagdinig; at
 - e. Ang mga parusa ay hindi tumutugma sa mga resulta ng opisyal ng pagdinig.
 - 2. Sa mga kaso ng walang pagdinig dahil ang mga partido ay parehong nagpasyang tanggapin ang paunang pagpapasya (tingnan ang Seksyon VI), ang mga partido ay maaaring umapela sa isang batayan lamang; na ang mga parusa ay hindi tumutugma sa paunang pasya na may kinalaman sa mga paglabag ng polisiya na tinanggap.

C. Pagsisimula ng Apela.

1. Sa mga kaso kung saan nagkaroon ng pagdinig, ang apela ay dapat isumite sa tagapangasiwa ng pagdinig sa loob ng 10 araw na may pasok kasunod ng pagbibigay ng abiso ng pasya ng opisyal ng pagdinig at, kung ipinataw ang mga pandisiplinang parusa (tingnan ang Seksyon VII.H.). Dapat tukuyin ng apela ang (mga) batayan para sa apela at naglalaman ng tiyak na mga

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

argumento na sumusuporta sa bawat batayan ng apela. Aabisuhan ng Student Conduct ang ibang partido ng apela at ang ibang partido ay magkakaroon ng pagkakataon na isumite ang nakasulat na pahayag bilang tugon sa apela, sa loob ng tatlong araw ng negosyo. Kung kabilang sa apela ang batayan na ang parusa ay hindi tumutugma, ipapaalam din ng Student Conduct ang mga partido na may pagkakataon silang makipagpulong sa opisyal ng apela upang talakayin ang pagkakatugma ng parusa.

2. Sa mga kaso kung saan tinanggap ng mga partido ang paunang pagpapasya, ang apela ay dapat isumite sa pamamagitan ng liham sa Student Conduct sa loob ng 10 araw kasunod ng abiso ng Student Conduct sa mga partido na ang paunang pasya ay pinal at ang Student Conduct ay magpapataw ng pinanukalang parusa (tingnan ang Seksyon VI.E.2). Aabisuhan ng Student Conduct ang ibang partido ng apela at ang ibang partido ay magkakaroon ng pagkakataon na isumite ang nakasulat na pahayag bilang tugon sa apela, sa loob ng limang araw ng negosyo. Ipapaalam din ng Student Conduct sa mga partido na may pagkakataon silang tugunan ang opisyal ng apela upang talakayin ang pagkakatugma ng parusa.

D. Desisyon ng Apela

- 1. Mga Pamantayan ng Pagtalakay. Ang opisyal ng Apela, na hindi parehong tao sa Opisyal ng Titulo IX o tagapagsiyasat, o opisyal ng pagdinig o coordinator ng pagdinig, ay magpapasya kung napatunayan ng umaapelang partido ang iginigiit na (mga) batayan para sa apela. Ituturing lamang ng mga iyon ang ebidensyang ipinakita sa pagdinig, ang file ng imbestigasyon, at ang pahayag ng apela ng mga partido. Sa apela ng hindi tugmang parusa, maaari nilang isaalang-alang ang anumang binigay ng partido na puna sa pagpupulong ayon sa Seksyon VIII.D.2, sa ibaba. Hindi sila gagawa ng sarili nilang makatotohanang resulta, ni anumang pagpapasya sa kredibilidad ng testigo.
- 2. Mga Apela Sa Hindi Tugmang Parusa Pagkakataon para sa Pagpupulong. Sa mga kaso na ang batayan ng apela ay hindi tugma sa parusa, maaaring makipagpulong ang mga partido nang magkahiwalay sa opisyal ng apela para sa limitadong layunin ng pagbibigay ng puna sa kanilang nais na mga resulta alinsunod sa mga parusa lamang.
- 3. Pasya ng Opisyal ng Apela. Ang opisyal ng apela ay maaaring:
 - a. Pagtibayin ang mga resulta at parusa;
 - b. Ibasura ang mga resulta at parusa;
 - c. Baguhin ang resulta at parusa; o
 - d. Sa mga apela ng hinala ng pagkakamali sa materyal na pamamaraan o bagong ebidensya (Seksyon VII.D.1 (a) o (b) sa itaas), ipinadadala ang kaso pabalik sa opisyal ng pagdinig para sa karagdagang paghahanap ng katotohanan kung kinakailangan, halimbawa sa isyu ng kung ang diumano'y pagkakamali o bagong ebidensya ay materyal na makaaapekto sa kalalabasan.

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

- 4. *Nasusulat na Ulat.* Ibubuod ng opisyal ng apela ang kanilang desisyon sa nasusulat na ulat na kabilang ang sumusunod:
 - a. Ang pahayag ng mga batayan na tinukoy sa apela;
 - b. Ang buod ng impormasyong tinukoy ng opisyal ng apela; at
 - c. Ang desisyon ng opisyal ng apela at ang dahilan para sa desisyon kabilang kung saan ang mga resulta o parusa ay binasura o binago, ang pagpapaliwanag ng kung bakit ang (mga) batayan para sa apela ay napatunayan.
- 5. Pamamahagi ng Nasusulat na Desisyon. Sa loob ng 10 araw na may pasok ng pagtanggap ng apela, ang opisyal ng apela ay magpapadala ng kanilang nasusulat na desisyon sa Nagrereklamo at Respondente (kasama ang mga kopya na ipinadala sa Opisyal ng Title IX at Student Conduct).
 - a. Maliban kung inilagay ng opisyal ng apela ang usapin sa kustodiya, aabisuhan nila ang Respondente at ang Nagrereklamo na ang bagay ay tinapos nang walang karagdagang karapatang umapela.
 - b. Kapag inilagay ng opisyal ng apela ang usapin sa kustodiya, tutukuyin nila kung anong higit na paghahanap ng katotohanan ang dapat mangyari o anong karagdagang impormasyon ang dapat isaalang-alang at hilingin na ang opisyal ng pagdinig ay mag-ulat muli sa opisyal ng apela sa kanilang karagdagang paghahanap ng katotohanan. Pagkatapos matanggap ang karagdagang paghahanap ng katotohanan ng opisyal ng pagdinig, ang opisyal ng apela ay magbibigay ng kanilang desisyon sa loob ng 10 araw na may pasok. Ang desisyon ay magiging final.

IX. MGA SIMULAIN, OPSYON, AT SALIK SA MGA PARUSA NG ESTUDYANTE

A. Introduksyon

Ang mga pamantayang ito ay naglalayong isulong ang patuloy at patas na paglalapat ng pandisiplinang mga parusa ng Unibersidad sa pagtugon sa asal na lumalabag sa *Polisiya ng Seksuwal na Karahasan at Panliligalig ng* Unibersidad at ang naaangkop na bahagi ng *Mga Polisiyang Ginagamit sa mga Aktibidad ng Campus, Organisasyon, at Estudyante ng Unibersidad* (PACAOS) – Seksyon 100.00 (*Polisiya sa Asal ng Estudyante at Disiplina*). Ang sumusunod ay naglalarawan ng mga simulain, opsyon, at salik ng Unibersidad upang isaalangalang ang pagtatalaga ng mga parusa kung ang Respondente ay isang estudyante.

B. Mga Simulain

1. Ang pagpapatupad ng disiplina sa estudyante ay susunod sa *Polisiya ng Asal ng Estudyante at Disiplina*.

¹ Tumutulong ito sa mga Polisiyang Magagamit sa Mga Aktibidad ng Campus, Organisasyon, At Estudyante (PACAOS, 5/10/2012). Sa kaganapan ng anumang salungatan ang dokumentong ito ay may karapatang manguna.

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

- 2. Kapag napag-alaman na may pananagutan ang estudyante sa paglabag sa Polisiya ng SVSH o ang ibang mga polisiya ng asal ng estudyante, ang Unibersidad ay magtatalaga ng tugma at angkop na paglabag, na isinasaalangalang ang konteksto at kalubhaan ng paglabag. Nakatuon ang Unibersidad sa pagbibigay ng angkop na hakbang sa paglutas sa Nagrereklamo, katulad ng inilarawan sa Polisiya ng SVSH.
- 3. Kapag napag-alaman na may pananagutan ang isang estudyante sa paglabag sa *Polisiya ng SVSH* at ibang mga polisiya ng asal ng estudyante, ang Unibersidad ay nakatuon sa pagsasagawa ng makatwirang pagsisikap upang tulungan ang sinumang estudyante na sinamantala may kinalaman sa pagtatrabaho o akademikong kalagayan bilang resulta ng hindi nakumpirmang mga paratang.
- 4. Ang mga parusa ay ginawa upang papanagutin ang estudyante sa paglabag sa mga pamantayan ng asal ng Unibersidad at magsulong ng personal na pagunlad at paglago. Ginagampanan din ng mga parusa ang layunin ng pagpapahinto sa Labag sa Batas na Asal sa ilalim ng *Polisiya ng SVSH* at pagiwas sa pag-ulit nito.
- 5. Kinikilala ng Unibersidad na ang mga aksyon ng Seksuwal na Karahasan, Seksuwal na Panliligalig o ibang uri ng Labag sa Batas na Asal ay labag sa layunin nito ng pagbibigay ng pang-edukasyong kapaligiran na ligtas at patas para sa lahat ng estudyante.
- 6. Hinihimok ng mga campus ng Unibersidad ng California na ipaalam sa ibang mga UC campus ang tala ng pandisiplina ng estudyante sa paglabag sa *Polisiya ng SVSH* ng Unibersidad at iba pang mga polisiya ng asal ng estudyante.

C. Mga Opsyon ng Pagpaparusa

- 1. Kabilang at hindi limitado ang mga parusa ng Unibersidad sa:
 - a. Pagpapatalsik mula sa Unibersidad ng California;
 - b. Suspensyon mula sa Unibersidad ng California;
 - c. Hindi pagbibilang mula sa mga lugar ng campus at/o mula sa opisyal na mga function ng Unibersidad;
 - d. Kawalan ng mga pribilehiyo at/o hindi pagbibilang mula sa mga aktibidad;
 - e. Pagbabayad-pinsala;
 - f. Probasyon;
 - g. Sensura/Babala; at/o
 - h. Ibang mga aksyon tulad ng itinakda ng polisiya ng Unibersidad at mga regulasyon ng campus.

Salungat sa Sumusuportang mga Hakbang, na maaring hindi nagdidisplina o nagpaparusa at maaaring makatuwirang pasanin ng partido, ang mga parusa ay

- maaaring magpataw ng mas mabigat na pasanin sa Respondenteng natuklasan na responsable para sa mga paglaban sa *Polisiyang SVSH*.
- 2. Ang mga kahulugan ng mga parusa ay makikita sa *PACAOS* na Seksyon 105.00 (Mga Uri ng Pandisiplinang Aksyon ng Estudyante) ng *Polisiya sa Asal ng Estudyante at Disiplina* at mga regulasyon ng lokal na campus.
- 3. Ang pagpapaskil ng mga parusa sa mga akademikong transcript ay susunod sa polisiya ng Unibersidad tulad ng tinukoy sa *PACAOS*, Seksyon 106.00 ng *Polisiya sa Asal ng Estudyante at Disiplina*.
- D. Mga Salik na Isinaalang-alang Sa Pagtukoy Ng Mga Parusa
 - 1. Sa lahat ng mga kaso, kapag tinutukoy ang angkop at pantay na parusa, ang sumusunod na mga salik ay isasaang-alang kung maaari:
 - a. Kalalaan ng paglabag: lugar at saklaw ng panghihipo; tagal ng pagsasagawa; isahan o paulit-ulit na aksyon; maramihang paglabag sa polisiya may kinalaman sa insidente; pasalita o pisikal na pananakot; paggamit ng kapangyarihan upang abusuhin ang tiwala o kumpiyansa; pagkakaroon ng mga sandata; paggamit ng puwersa o karahasan; pisikal na pinsala; pagbabanta; pamimilit; hayagang pagdudulot o pagsasamantala sa kahinaan ng isang tao; at pagre-record, pagkuha ng larawan, pagpapadala, o pamamahagi ng pribado o seksuwal na mga litrato nang walang pahintulot.
 - b. Intensyon o layunin sa likod ng paglabag: walang intensyon na magdulot ng pinsala; di tiyak na papel sa paglabag; pinilit o pinabilis ng iba pa upang lumahok sa paglabag; planado o mapansalakay na asal; galit o pagkiling batay sa membership o inakalang membership ng Nagrereklamo sa isang protektadong grupo tulad ng tinukoy sa *PACAOS* Seksyon 104.90 ng *Polisiya sa Asal ng Estudyante at Disiplina*.
 - c. Pinalubha man ang asal o hindi, tulad ng tinukoy sa Polisiyang SVSH.
 - d. Tugon kasunod ng paglabag: boluntaryong pagkilala sa pagkakasala sa maagang yugto ng prosesol hindi pagsunod sa kautusan ng hindi pakikipagusap; pagtatangkang impluwensiyahan ang mga testigo; pagharang o paggambala sa proseso.
 - e. Pandisiplinang kasaysayan: hindi nauugnay na mga dating paglabag; nauugnay na mga dating paglabag.
 - f. Epekto sa iba: puna mula sa Nagrereklamo; proteksyon o kaligtasan ng Nagrereklamo o komunidad.
- E. Mga Parusa para sa Tiyak na Asal
 - 1. Ang mga parusa ay itatalaga tulad ng mga sumusunod:
 - a. Ang Seksuwal na Pag-asulto Pagpapasok ng ari sa ari ng isang tao o Seksuwal na Pag-asulto Malubhang pisikal na paghipo o kontak tulad ng inilarawan sa *Polisiya ng SVSH* ay magdudulot ng pinakamababang parusa ng suspensyon na dalawang taon.

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

- b. Ang Seksuwal na Pag-asulto Pagpapasok ng ari sa ari ng isang tao, Karahasan sa Tahanan o Pakikipagtagpo, o Paniniktik ay magdudulot ng pinakamababang parusa ng suspensyon nang dalawang taon maliban kung may hindi kabilang na mga kalagayan.
- c. Ang Seksuwal na Pag-asulto Kontak ay magdudulot ng pinakamababang parusa nang isang taon, maliban kung may hindi kabilang na mga kalagayan.
- d. Seksuwal na Panliligalig at Ibang Pinagbabawal na Asal, tulad ng tinukoy ng *Polisiya ng SVSH* ay hindi magdudulot ng pinakamababang parusa ngunit paparusahan alinsunod sa mga salik na tinukoy sa Seksyon D sa itaas.
- 2. Ang itinalagang mga parusa para sa bawat kaso ay idodokumento at iuulat sa Direktor ng Title IX sa buong sistema nang palagian. Ang report ay upang tiyakin ang makatwirang antas ng hindi pagbabago mula sa campus patungo sa isa pang campus.

IV. PAGSUNOD/MGA PANANAGUTAN

Gagamitin ng mga Kanselor ang campus na nagpapatupad ng mga regulasyong alinsunod sa mga Polisiyang ito. Ilalathala ng Unibersidad ang mga Polisiyang ito at magagamit ang mga iyon nang malawakan, at gayon din ang gagawin ng mga Kanselor may kinalaman sa pagpapatupad ng mga regulasyon sa kanilang mga campus. Maaaring matugunan ng mga kahilingang ito sa pamamagitan ng online na publikasyon ng mga Polisiyang ito at ng kani-kanilang campus na nagpapatupad ng mga regulasyon. (Tingnan din ang Seksyon 13.20 ng mga Polisiyang ito.)

V. MGA HAKBANG

Ang Presidente ay kokonsulta hangga't naaangkop sa mga Kanselor, Bise Presidente, Opisina ng Pangkalahatang Tagapayo, at komite ng pagpapayo sa buong Unibersidad bago ang pagbabago ng mga Polisiyang ito. Ang mga Kanselor ay kokonsulta sa mga guro, estudyante, at tauhan bago ang pagsusumite sa Presidente ng anumang rekomendasyon ng campus may kaugnayan sa pinanukalang pagbabago sa mga Polisiyang ito. Ang mga pagbabago na tiyak na ipinatupad ng batas, gayunman ay hindi nangangailangan ng pagkonsulta sa mga kinatawan ng campus o buong komite ng pagpapayo ng Unibersidad hangga't ang legal na mga kinakailangan ay hindi nagpapahintulot sa nasabing pagkonsulta. (Tingnan ang Seksyon 13.10 ng mga Polisiyang ito.)

Ang mga Kanselor ay kokonsulta sa mga estudyante (kabilang ng mga estudyante ng pamahalaan), guro, at tauhan sa pag-unlad o pagrepaso ng mga regulasyong ipinatutupad sa campus maliban kung ang pagbuo o pagbabago ng nasabing mga regulasyon ay resulta ng mga pagbabago sa mga Polisiyang ito na tiyak na ipinatupad ng batas. Tutukuyin ng mga campus ang mga pamamaraan, kabilang ang mga proseso ng pagkonsulta, kung saan ang mga campus na nagpapatupad ng regulasyon ay maaaring gawin o baguhin. (Tingnan ang Seksyon 13.30 ng mga Polisiyang ito.)

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

Bago ang kanilang paggamit, ang lahat ng campus na nagpapatupad ng mga regulasyon, kabilang ang malaking pagbabago sa umiiral na nasabing mga regulasyon ay isusumite sa Opisina ng Presidente repasuhin, sa pagkonsulta sa Opisina ng Pangkalahatang Tagapayo para sa kabuuan ng mga Polisiyang ito at ng batas. (Tingnan ang Seksyon 13.40 ng mga Polisiyang ito.)

VI. KAUGNAY NA IMPORMASYON

Sexual Harassment and Sexual Violence

Policies Applying to Campus Activities, Organizations, and Students (PACAOS)

VII. MGA MADALAS ITINATANONG

Hindi Naaangkop

VIII. KASAYSAYAN NG PAGREBISA

Enero 1, 2022: Binago upang sumunod sa California Senate Bill (SB) 493. Binago alinsunod sa komunikasyon ng Kagawaran ng Edukasyon noong Agosto 24, 2021 na ang probisyon ng regulasyon ng Title IX na humahadlang sa opisyal ng pagdinig na isaalangalang ang mga naunang pahayag ng isang partido o saksi na kung hindi tetestigo sa pagdinig ay mapapasawalang bisa..


Ang Polisiyang ito ay binago upang matugunan ang mga Gabay ng Pagkanagagamit ng Content ng Web o Web Content Accessibility Guidelines (WCAG) 2.0.

Agosto 14, 2020: Paunang paglalabas

Imbestigasyon sa Seksuwal na Karahasan at Seksuwal na Panliligalig ng Estudyante at Balangkas ng Paghatol para sa Asal na Saklaw ng DOE

IX.APENDIKS

Flowchat ng Proseso ng Imbestigasyon at Paghatol sa Estudyante



*Tingnan ang PACAOS Apendiks F p ara sa buong detalye ng hakbang